SAN FRANCISCO HEALTH PLAN

*Here for you*

Tawagan ang iyong dentista at magtakda ng appointment ngayon!

# Fluoride Treatment para sa Iyong Anak

Maaaring magdulot ng pananakit at mga impeksyon sa iyong anak ang mga cavity (tinatawag ding mga dental cary o pagkabulok ng ngipin). Maaaring magdulot ang mga cavity ng mga problema sa pagkain, pagsasalita, paglalaro, at pagkatuto. Isang madaling paraan ang fluoride varnish na maging proteksyon laban sa mga cavity.



# Dalhin ang iyong anak sa dentista para sa fluoride treatment at makakuha ng $50!

Lahat ng batang may edad na 12 buwan (1 taon) hanggang 47 buwan (3 taon at 11 buwan) ay maaaring makakuha ng fluoride varnish sa kanilang dentista. **Maaari kang makakuha ng isang $50 na gift card pagkatapos ng unang pagbisita para sa fluoride varnish ng iyong anak.** Pagkatapos ng pagbisita, awtomatiko kang makakakuha ka ng gift card sa koreo mula sa San Francisco Health Plan (SFHP)! Hindi mo kailangang sagutan ang anumang form upang makatanggap ng gift card.




Ipapadala sa iyo ang gift card sa pamamagitan ng koreo sa loob ng 5 linggo. Kung hindi mo pa nakukuha ang iyong gift card, mangyaring tumawag sa Serbisyo sa Customer sa **1(415) 547-7800, 1(800) 288-5555** (toll-free), o **1(415) 547-7830** (TTY), Lunes hanggang Biyernes, 8:30am hanggang 5:30pm.

Tiyaking bahagi ng iyong network ang iyong dentista! Kung ang dentista ay hindi bahagi ng iyong network, sisingilin ka para sa iyong pagbisita at hindi karapat-dapat para sa gift card.

Para sa mga miyembro ng Medi-Cal, tumawag sa Medi-Cal Dental sa **1(899) 322-6384** para makahanap ng dental provider. Para sa mga miyembro ng Healthy Workers HMO, tumawag sa Liberty Dental sa **1(888) 703-6999** o Serbisyo sa Customer ng SFHP sa **1(415) 547-7800, 1(800) 288-5555** (toll-free), o **1(415) 547-7830** (TTY).

Kung mayroon kayong mga tanong, puwede kayong tumawag sa San Francisco Health Plan Customer Service Lunes hanggang Biyernes, 8:30am hanggang 5:30pm sa **1(415) 547-7800** o **1(800) 288-5555** (toll-free).

# Ano ang Fluoride Varnish?

Isang protective coating na ipinapahid ng dentista sa mga ngipin para maiwasan ang pagkabulok

Ligtas, mabilis, at hindi masakit

Maaaring ibigay ng dentista sa iyong anak sa sandaling tumubo ang unang ngipin ng iyong sanggol. Makipag-usap sa iyong Provider ng Pangunahing Pangangalaga* (PCP) o dentista tungkol sa fluoride varnish paglabas ng unang ngipin ng iyong anak.

**Ang iyong Provider ng Pangunahing Pangangalaga ay ang doktor, assistant ng doktor, o nurse practitioner na nangangasiwa sa iyong pangangalagang pangkalusugan.*

Nakakatulong kahit na gumagamit ka ng mga fluoride drop, tablet, rinse, toothpaste, o umiinom ka ng tubig na may fluoride

Maaaring ibigay sa mga pagbisita para sa Kalusugan ng Bata at Pag-iwas sa Kapansanan at iba pang pagbisitang medikal o dental

Pinakaepektibo kapag ibinibigay ng iyong PCP o dentista 2 o higit pang beses bawat taon

Maaaring magkaroon ng paninilaw ang mga ngipin sa maikling panahon. Kapag nagsipilyo kinabukasan, babalik sa normal na kulay ang mga ngipin.

Siguraduhing nagsisipilyo ang iyong anak nang dalawang beses kada araw gamit ang fluoride toothpaste para mapababa ang panganib ng mga cavity. Para sa mga sanggol at bata na wala pang 2 taong gulang, sipilyuhin ang kanilang ngipin gamit ang tubig araw-araw sa sandaling makita mo ang kanilang unang ngipin at makipag-usap sa PCP o dentista ng iyong anak bago sila magsimulang gumamit ng anumang fluoride toothpaste.



Matuto nang higit pa sa "Fluoride Varnish" fact sheet sa **sfhp.org/tl/health-ed.**

Mga Pinagkunan:

**CDC Children's Oral Health**

**San Francisco Department of Public Health**

**Guide to Eating and Drinking after Going to the Dentist**

474202 0623